

Bakit Mahalaga itong Pag-aralan?

Ang pagsusuri sa mga hamon ng online learning sa pagkatuto ng Wikang Filipino ay mahalaga upang maunawaan ang mga partikular na suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral, lalo na sa kasalukuyang panahon na laganap ang paggamit ng teknolohiya sa edukasyon. Sa ganitong paraan, mas mapapabuti ang mga estratehiya sa pagtuturo at pagkatuto, pati na rin ang suporta na ibinibigay sa mga mag-aaral. Tinutulungan din nitong tuklasin kung paano naapektuhan ang kalidad ng pagkatuto ng wikang Filipino sa pamamagitan ng online platforms, na maaaring magdala ng mga bagong solusyon para sa mas mabisang pagtuturo.

Layunin ng Pag-aaral

- Matukoy ang mga pangunahing hamon ng online learning na nararanasan ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng Wikang Filipino.
- Masuri kung paano naapektuhan ng mga hamong ito ang kanilang pagkatuto at akademikong pagganap.
- Makabuo ng mga rekomendasyon upang mapabuti ang kalidad ng online learning sa asignaturang Wikang Filipino.
- Magbigay ng malalim na pag-unawa sa mga karanasan ng mga mag-aaral sa online learning upang mahasa ang mga polisiya o programa sa edukasyon.

Research Gap

Bagama't maraming pag-aaral ang tumatalakay sa online learning at mga pangkalahatang hamon nito, kakaunti pa rin ang nakatuon sa espesipikong konteksto ng pagkatuto ng Wikang Filipino, lalo na sa larangan ng Edukasyon para sa mga mag-aaral na may edad 21. May pagkukulang sa pag-unawa kung paano ang mga teknolohikal, kognitibo, at sosyo-kultural na aspeto ng online learning ay nakaapekto sa pagkatuto ng wikang ito. Ang pag-aaral na ito ay naglalayong punan ang puwang na ito sa pananaliksik sa pamamagitan ng pagbibigay ng komprehensibong kwalitatibong pagsusuri sa mga hamon na kinahaharap ng mga mag-aaral sa kasalukuyang sistema ng online edukasyon para sa Wikang Filipino.